



# Kapanganakan *hanggang* 8 buwan



## PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

*Paano natututong magsalita ang mga bata?*

### **Buod ng Lengguwahe at ng Kakayahang Bumasa't Sumulat**

Ang mga usapan ng kanilang pamilya, sa kalaonan masisimulang tukuyin ng mga bata ang mga pamilyar na tunog at bumuo ng mga bukabyularyo ng mga salita na naiintindihan nila, bago pa sila makapagsalita. Ang kakayahan ng mga bata na makaintindi ng lengguwahe ay tinatawag na “receptive language.”

Sa una, ang mga sanggol ay nakikipag-usap sa pamamagitan ng paggawa ng mga tunog, hal., pag-iyak, at sa pamamagitan ng mga galaw. Sa paglapit nila sa edad na bagu-bago pa lamang maglakad, nagsisimula silang gumamit ng mga ilang salitang pamilyar at, sa 4 at 5 taon, marami na silang bokabularyo at nasusunod na ang mga panuntunan ng gramatika kapag sila’y nakikipag-usap gamit ang lengguwahe. Ang kakayahan ng mga bata na gumamit ng lengguwahe upang masabi ang kanilang mga iniisip, ideya, at pakiramdam ay tinatawag na “expressive language” (o makahulugang pananalita).

Habang natututo ang mga bata ng mga salitang binibigkas, sila din ay natututo ng mga nakasulat na salita— sa pamamagitan ng mga libro, signs, at mga sulat. Bago matuto na magbasa ng mga salita, natututunan ng mga bata na ang mga nakasulat ay mga kumakatawan sa mga salita at bago magsulat, sila ay natututong gumawa ng mga marka at gumuhit ng mga larawan. Sa oras na sila’y tumungtong sa 5 taon, maiintindihan nila na binubuo ng mga letra ang mga salita at ang mga salita ay makakagawa ng mga kuwento na matututunan nilang basahin. Maraming mga 5 taong gulang na nakakabasa at nakakasulat na rin ng kanilang sariling pangalan.



## Paano natututong magsalita ang mga bata? PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

### Panimula

*Paano matututo magsalita ang aking anak?*

- Sa unang taon ang inyong mga sanggol ay matututo ng higit tungkol sa salita at komunikasyon, kahit na maaari silang magsalita ng ilang mga salita sa kanilang unang kaarawan. Sila ay ipinanganak na interesado at nagaganyak na matuto ng wika at makinig sa lahat ng mga salita at iba pang mga tunog sa kanilang paligid, lalo na mula sa taong mahal nila.
- Likas silang natututong magsalita mula saiyong at sa ibang tao sa paligid nila sa pamamagitan kung paano natin sila kausapin mula sa oras na sila ay ipinanganak at bawat interaksyon.
- Bawat mga batang sanggol at ang kanilang miyembro ng pamilya ay may “mga pag-uusap,” kung saan ang sanggol ay natututong mag-coo at ngumawa at maghintay at magsalita muli ang matanda sa bata. Simula sa mga pag-uusap na ito, ang sanggol ay nagsisimulang matuto kung paano makipag-usap, masiyahan sa karanasan na “pinakikingan”, at masigasig na tandaan ang mga salita na sinasabi ng kanilang kapamilya.
- Maraming pamilya ang nakatuklas na ang paggamit ng mga simpleng senyas at kumpas (hal, sige pa, tubig, gatas, ubos na lahat) ay nag-aalok sa kanilang mga anak ng pagkakataon na makipag-usap bago sila makapagsabi ng mga salita.
- Maraming mga bagay na nagawa mo na sa iyong anak na tulungan siya o matutong magsalita. Ang miyembro ng pamilya ay likas na nagkukuwento sa kung ano ang nangyayari ngayon sa mga bata. Ito ay makatutulong sa mga bata na iugnay ang mga salita sa mga bagay ang karanasan na mayroon sila.

### Pag-unlad ng Wikang Bilingguwal

*Paaano natututo ng wika ang mga bata sa bilingguwal o hindi nagsasalita ng Ingles na pamilya?*

- Ang mga bata ay napaka dalub
- hasa sa pag-aaral ng wika at may kakayahan na matutunan ang dalawa o higit pang mga wika kahit na bago sila magsimulang mag-aral.
- Ang mga pamilya na nagsasalita ng wika sa bahay bukod sa Ingles ay maaaring gamitin ang kanilang sariling wika bilang kanilang pangunahing wika sa kanilang mga anak. Ang pag-aaral sa kanilang sariling wika ay nakatutulong sa mga bata na maramdamang konektado sa kanilang pamilya at kultura. Maaari din silang matuto ng Ingles kapag ang pamilya ay bilingguwal o maaari silang matuto ng Ingles kapag nagsimula na sila sa childcare o paaralan.
- Sinusuportahan ng pamilya ang pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng pagsasalita, pagbabasa o pagkanta sa kanilang mga anak gamit ang sariling wika. Sa ganitong paraan natututo ng maraming kasanayan sa wika ang mga bata na makatutulong sa kanila kapag nagsimula na silang mag-aral ng Ingles.
- Tingnan ang iyong lokal na aklatan para sa mga aklat sa iyong sariling wika.
- Ang mga batang may ganitong oportunidad na maging bilingguwal sa batang edad ay makikinabang mula sa paggamit ng parehong wika sa buong buhay nila.



## Paano natututong magsalita ang mga bata? PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

### Nauunawaang Wika

*Ano ang pagkaunawa ng aking anak? "Ang Nauunawaang wika" ay tumutukoy sa mga salita na naririnig at nauunawaan ng mga bata, kahit na bago sila makapagsalita sa kanilang sarili. Nauunawaan ng mga bata ang maraming salita kaysa sa mga nasasabi nila.*

- Ang pakikinig sa kung ano ang iyong sinasabi sa kanila ay nakatutulong sa kanila na matutunan ang mga salita. Kapag may sinabi ka at naghintay, nagsisimula sila na unawain kung paano gumagana ang komunikasyon.
- Nakikinig ang mga bata sa mga salita na direktang sinasabi sa kanila gayundin sa pakikipag-usap na nangyayari sa paligid nila.
- Binibigyang pansin din nito ang tono ng wika at sa edad na ito ay nagsisimulang unawain ang kahulugan ng tono gayundin ang mga salita. Halimbawa, maaari nilang mapansin kapag ang tono mo ay natutuwa, nagigiliw, bigo, o natatakot at sa huli ay matututunan kung paano gamitin ang tono sa kanilang sariling pakikipag-usap.

### Wikang Nagpapahayag

*Komunikasyon: Pagsasalita at pagbabasa "Ang wikang nagpapahayag" ay kabilang ang lahat ng mga tunog at salita na nagagawa ng bata.*

- I
- Ginagamit ng mga sanggol ang pag-iyak, mga tunog, at kumpas upang sabihin ang kanilang nararamdaman, pangangailangan at mga ideya.
- Kabilang sa mga kumpas ang mga bagay tulad ng pag-kaway para sa "ba-bye," nakataas ang parehong kamay para sa "kunin mo ako," at iling ng ulo gilid sa gilid upang tanggihan ang pagkain ng tiyak na pagkain.
- Ang mga bata ay nagsasanay ng matagal para sa iba't ibang tunog bago nila mabuo ang mga salita. Pinagdudugtong nila ang mga tunog tulad ng: "ba-ba-ba," o "da-da-da," at natutuwa kapag inuulit ng mga tao ang mga tunog na iyon sa kanila.
- Sa una, nagsasanay sila ng iba't ibang tunog, natutuwa kung paano nila nararamdaman ang mga tunog sa kanilang bibig, ngunit pagdaan ng ilang buwan, ang kanilang buwan ay nagsisimulang magkaroon ng kahulugan. Halimbawa, mas gagamitin ang "m-m-m-m-m" kapag sinasabi ang mama.
- Kapag nagsimula silang magsalita, minsan sinasabi lang nila ang bahagi ng salita, tulad ng unahan o hulihan nito, o maaari silang lumikha ng tunog na katunog ng ritmo ng salita.
- Kahit na hindi ito masabi ng tama ng mga bata kapag nagsimula silang magsalita, patuloy silang nagsasanay hanggang ang kanilang mga salita ay maging katunog ng saiyo.
- Sumasagot din ang mga sanggol sa pakikipag-usap sa miyembro ng pamilya. Kapag tumigil sa pagsasalita ang ibang tao, ang sanggol ay ngangawa bilang tugon.
- Ang mga sanggol ay interestado sa mga aklat. Natutuwa silang gumugol ng oras kasama mo sa pagtingin at pagbabasa ng aklat. Tinitingnan ka niya kapag binasa mo at sumusunod sa mga larawan gamit ang kanilang mga mata.



**Paano natututong magsalita ang mga bata?**  
**PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT**

- Kinukuha ng mga sanggol ang aklat sa oras na kaya nila at sinusubukan na buksan ang mga iyon, ngingunguya sila o inililipat ang mga pahina. Matututo agad sila na ngumiti at tumuro at magpakita ng pagpili sa mga tiyak na mga aklat.

***Narito ang ilang mga tip upang suportahan ang pag-unlad sa pagsasalita ng iyong anak at interes sa pagbabasa:***

- Sabihin sa iyong anak kung ano ang iyong gagawin:
  - *Mas matututo ng wika ang iyong anak kapag nauugnay ito sa bagay o nararanasan niya*
  - “Kukunin kita.”
  - “Ito ang sando mo. Isuot natin ito sa ulo mo.”
  - “Narito ang piraso ng karot para kainin mo.”
- Kung nagpapak Mas matututo ng wika ang iyong anak kapag nauugnay ito sa bagay o nararanasan niyaita ang iyong anak ng interes sa ibang bagay, bigyan sila ng mga salita na naglalarawan kung saan sila interesado. Mas interesado ang iyong anak sa mga salita na naglalarawan sa kanyang mga interes.
  - “Narinig mo ba ang kahol ng aso?”
  - “Hinahawakan mo ang pusa. Malambot at mabalahibo siya.”
  - “Kumakaway ka sa tatay mo. Sinasabi mo ba na, ‘ba-bye’?”
  - “Inaabot mo ang tubig ko. Uhaw ka ba?”
- Sabihin kung ano ang ginagawa ng iyong anak: Ito ay katulad ng “ipakita at sabihin.” Kasabay nito, nararanasan ng iyong anak ang isang bagay, natututunan nila ang mga salita upang sabihin ito.
  - “Nakagapang ka papunta sa sahig!”
  - “Noong hinawakan mo ang bola, gumulong ito papalayo.”
  - “Kinuha mo ang bean at inilagay sa iyong bibig.”
- Sabihin kung ano ang ginagawa mo. Ito ay katulad ng “ipakita at sabihin.” Kasabay nito, makikita ng bata ang isang bagay, natututunan nila ang mga salita upang sabihin ito.
  - “Hinahanap ko ang aking sapatos”
  - “Inihahanda ko ang iyong gisantes at biberong para makakain ka.”
  - “Tinitingnan ko para makita kung kailangan mong palitan ng lampin.”
- Gumagamit ng maraming salitang naglalarawan. Ito ang paraan para makabuo siya ng bokabularyo
  - “Ang iyong paboritong blangket ay berde at asul at madilim ang kabuuan.”
  - “Heto ang iyong pinto beans. Minasa ko sila para maging malambot sila para sayo.”
- Pag-usapan ang nalalapit na hinaharap. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga bata na magkaroon ng pangkaisipang paglalarawan tungkol sa kung ano ang mangyayari bago ito maganap.
  - “Mamaya ay oras na para dumede ka.”
  - “Ihahanda ko ang tubig para makaligo ka.”
  - “Pagkatapos nating palitan ang iyong lampin, magbabasa tayo ng aklat.”
- Pag-usapan ang kamakailang naganap. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga bata upang linangin ang kanilang pangkaisipang paglalarawan – ang alala ng nangyari.
  - “Umawit tayo at pumalakpak sa kotse ngayon.”
  - “Kumain ka ng maraming peras para sa tanghalian ngayon.”
  - “Nagpaalam tayo kay mama. Pumasok siya sa trabaho.”
- Bigyan ng mga aklat ang iyong sanggol:



## Paano natututong magsalita ang mga bata? PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

*Kapag inalok mo ng aklat ang iyong sanggol, nalalaman niya na pinahahalagahan mo ang mga aklat at matututunan din niya na pahalagahan ang mga iyon.*

- Ang paglalagay sa mga aklat na naaabot ng bata ay nagpapahintulot sa kanya upang pumili upang tingnan ang mga iyon kapag intere Kapag inalok mo ng aklat ang iyong sanggol, nalalaman niya na pinahahalagahan mo ang mga aklat at matututunan din niya na pahalagahan ang mga iyon.sado siya.
- Ang paggamit ng maliliit na board book sa iyong mga sanggol ay nagpapahintulot sa kanila upang makibahagi sa pagbubuklat ng mga pahina nang mas madali.
- Basahan ng mga aklat ang iyong sanggol. Ito ang unang karanasan ng iyong anak na “magbasa” at panimulang hakbang upang maunawaan niya ang mga na may mga kwento, salita at impormasyon para sa kanya.
  - Kahit bago maupo ang iyong sanggol, maaari kang humiga katabi niya at hawakan ang aklat upang pareho ninyong makita.
  - Basahin ng mabagal upang magkaroon ng pagkakataon ang iyong sanggol na makinig sa iyong mga salita at suriin ang mga larawan.
  - Ang maagang karanasan na ito sa mga aklat ay magsisimula sa panghabang buhay na kagustuhan sa pagbabasa para sa ating mga anak.
- Maaari kang gumawa ng mga simpleng aklat para sa iyong sanggol gamit ang mga larawan ng tao at bagay na gusto niya. Makatutulong ang mga aklat na ito upang makita niya na ang mga aklat ay maaaring maglarawan sa mga bagay na alam niya.
  - Maaari mong idikit ang mga larawan sa papel, isulat ang mga salita para sa iyong kwento at ikabit, itali o i-teyp ang mga pahina nang magkakasama.
  - Hindi kinakailangang mahaba ang mga kwento. Maaring mga ilang pahina lamang. “Gusto ni Julia na kumain. Nagkakamay siya at nagkukutsara. Gusto niyang kumain ng kanin, saging at manok.”
- Pag-usapan ang mga larawan at aklat kasama ang iyong anak. Ang matutunan na ang mga larawan ay kumakatawan sa mga bagay ay isang habang upang matutunan ang mga titik na kumakatawan din sa mga bagay.
  - “Nakikita ko ang mga bituin sa langit. Nakikita mo ba ang mga bituin?”
  - “Nakikita ko ang maraming isda. Ano ang nakikita mo? (Kapag itinuro ng iyong anak, maaari mong pangalanan ang nakita nila.)
  - “Narito ang larawan ng abuelita at ng iyong tia.”

allaboutyoungchildren.org